

LESSON 17
FREE TO LOVE

GALACIA 5:13-15

Sapagkat kayo, mga kapatid, ay tinawag sa kalayaan; subalit huwag lamang ninyong gagamitin ang inyong kalayaan bilang isang kadahilanan para sa laman, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig ay maging alipin kayo ng isa't isa. ¹⁴Sapagkat ang buong kautusan ay natutupad sa isang pangungusap, "Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." ¹⁵Ngunit kung kayo-kayo ang nagkakagatan at nagsasakmalan, mag-ingat kayo, baka kayo'y magkaubusan.

PANIMULA

1. Para saan ang isang *driver's license*? Paano kung wala kang *driver's license*? Anu-ano ang limitasyon ng isang *driver's license*? Ihalintulad ito sa kalayaang mayroon na tayo bilang mga Cristiano.

Tulay sa Pag-aaral: Tulad ng isang lisensiya, ang kalayaang bigay sa atin ng Diyos ay kalayaang tahakin ang landas na nais ng Diyos para sa atin. Hindi ito nangangahulugang maaari na nating gawin ang lahat ng ating gustong gawin. Malinaw itong makikita sa mga talatang pag-aaralan natin ngayon. Basahin ang Galacia 5:13-15.

PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 13. Ikumpara ito sa verse 1 at sa Juan 8:36. Ano ang nais bigyang diin sa mga talatang ito? Ano sa tingin mo ang problema ng mga taga-Galacia na nais tugunan ni Pablo sa pamamagitan nito?
3. Ano ang kahalagahan na malamang ang kalayaang nasa atin ngayon bilang mga Cristiano ay galing sa Diyos at hindi dahil sa anumang ginawa natin?
4. Sa paanong paraan inaabuso ng mga Cristiano ang kalayaang ito (v. 13)? Bakit hindi ito ang tamang paraan ng paggamit ng kalayaang mayroon tayo?

5. Ang isang Cristiano na malaya na sa kautusan ay dapat pa ring sumunod sa kautusan (maliban sa mga "*ceremonial*" at "*civil laws*" sa Lumang Tipan). Naniniwala ka ba rito? Bakit o bakit hindi? Patunayan ang sagot.
6. Sa paanong paraan nais ng Diyos na ipamuhay natin ang kalayaang ito (v. 13)? Paanong ang pag-ibig at paglilingkod (o pagiging alipin ng iba) ay nagpapakita ng kalayaang mayroon na tayo?
7. Sa anu-anong paraan natin naipapakita ang pag-ibig na ito sa ating kapwa na gaya ng sa ating sarili (v. 14)? Sa paanong paraan mo naipapakita na ito sa iba? Magbigay ng mga halimbawa?
8. Ayon sa verse 14, kung iniibig natin ang ating kapwa gaya ng ating sarili ay natutupad ang "buong kautusan." Bakit ito nasabi ni Pablo? Sa paanong paraan natutupad ang kautusan sa pamamagitan nito? Tingnan din ang Roma 13:8-10, Mateo 22:37-40, at 1 Juan 4:7-12.
9. Ano ang babala ni Pablo sa verse 15? Bakit hindi ito dapat nangyayari sa pagitan ng magkakapatid kay Cristo?
10. Sa paanong paraan nakakagawa tayo ng isang bagay na ikakasira ng kalayaan ng ibang kapatid kay Cristo at ng ating iglesia?

PAGSASABUHAY

11. Ano'ng isang bagay ang gagawin mo ngayong linggo, bilang pagpapakita ng pag-ibig na bunga ng kalayaang tinanggap natin kay Cristo, para:
 - a. Sa iyong asawa/kapamilya;
 - b. Sa isang kapatid kay Cristo; at
 - c. Sa isang kaibigang hindi pa Cristiano.